

Update sa Insidente sa Seguridad ng Network Mga Bagay na Kadalasang Itinatanong

Na-update noong Agosto 2025: Ang impormasyon sa ibaba na orihinal na ibinigay noong Abril 14, 2025, ay maaaring luma na at/o hindi na naaangkop, dahil nakumpleto na ng Lungsod ng Long Beach ang kinakailangang 90-araw na panahon ng pag-abiso. Ang call center na itinatag upang magbigay ng karagdagang impormasyon at mapagkukunan sa mga naapektuhan ay tumakbo mula Abril 14 hanggang Hulyo 15 at ngayon ay sarado na. Sinunod ng Lungsod ang lahat ng naaangkop na batas kaugnay sa pagbibigay ng abiso sa update na ito. Sa ngayon, wala nang inaasahan pa na pag-update tungkol sa insidente ng seguridad sa network na naganap noon o mga bandang Nobyembre 14, 2023.

Ano ang nangyari?

Pinahahalagahan at iginagalang ng Lungsod ang personal na impormasyong pinananatili nito, at nangangako itong maging bukas at tapat sa komunidad. Sa pagsisiyasat sa insidente sa seguridad ng network na nangyari noong Nobyembre 14, 2023 o nang malapit sa petsang ito, naisiwalat na may nakaakses o nakakuha sa mga file na naglalaman ng ilang partikular na personal na impormasyon. Ang Lungsod ay kasalukuyang nag-aabiso sa mga taong may personal na impormasyong maaaring naakses at/o nakuha, at nagpapadala ng liham sa pamamagitan ng koreo ng U.S. sa mga taong naapektuhan nito. Bagaman walang indikasyong nagamit sa maling paraan ang anumang impormasyon upang makapanloko o magnakaw ng identidad, ibinibigay ng Lungsod ang mga abisong ito bilang karagdagang pag-iingat, at alinsunod sa batas, nang sa gayon ay magkaroon ng impormasyon, kasangkapan, at mapagkukunan ng tulong ang mga taong apektado upang maingatan ang kanilang personal na impormasyon.

Anong impormasyon ang nadamay?

Ang mga file na posibleng naapektuhan ay naglalaman ng mga pangalan at apelyido na kakombinasyon ng isa o higit pa sa sumusunod: petsa ng kapanganakan, impormasyon ng pinansiyal na account, impormasyon ng credit at/o debit card, numero ng Social Security (Paseguruhang Panlipunan), impormasyon ng biometrics, impormasyon ng medikal na diyagnosis at/o paggamot, impormasyon ng tagapagbigay ng serbisyong medikal, impormasyon ng insurance sa kalusugan, numero ng lisensiya ng tagapagmaneho, numero ng pasaporte, numero ng talaang medikal, numero ng pagkakakilanlan ng nagbabayad ng buwis, at impormasyon ng account ng pasyente. Ang mga uri ng personal na impormasyong nadamay ay iba-iba depende sa indibidwal at hindi lahat ng elemento ng datos ay naapektuhan para sa bawat indibidwal.

Ano ang ginagawa ng Lungsod ng Long Beach tungkol dito?

Nagpapadala ang Lungsod ng mga liham ng pag-abiso sa pamamagitan ng koreo ng U.S. sa mga taong maaaring apektado gamit ang huling address ng tirahan nila na alam ng Lungsod. Ipinaliliwanag sa mga liham ang mga serbisyong magagamit ng mga apektadong indibidwal, at nagbibigay ang mga ito ng mga kasangkapan upang makatulong sa pag-iingat laban sa pamemeke ng identidad. Isinisiwalat din ng Lungsod ang ganitong impormasyon sa longbeach.gov upang tiyaking naakses ito ng publiko para sa lahat ng taong hindi nakatanggap ng liham ng pag-abiso sa kabila ng kanilang paniniwalang karapat-dapat silang makatanggap nito. Nagtalaga rin ang Lungsod ng dedikadong call center na may mga propesyonal na kawaning pamilyar sa insidenteng ito upang magbigay ng impormasyon at mapagkukunan ng tulong. Matatawagan ang call center sa 888.802.9667, Lunes hanggang Biyernes, 6 a.m. hanggang 6 p.m. Pacific Time, maliban sa mga pista-opisyal. Nag-aalok din ang Lungsod ng mga komplimentaryong serbisyo ng pagsubaybay ng kredito para sa mga taong may mga numero ng Social Security (Paseguruhang Panlipunan) na posibleng naapektuhan alinsunod sa mga angkop na batas ng estado.

Ligtas bang gamitin ang mga sistema ng Lungsod?

Oo, ligtas noon at ligtas pa rin ngayon na gamitin ang mga sistema ng Lungsod. Nang unang malaman ng Lungsod ang tungkol sa insidente sa seguridad ng network na nangyari noong Nobyembre 14, 2023 o nang malapit sa petsang ito, bilang karagdang pag-iingat, pansamantalang ginawang offline ng Lungsod ang ilang partikular na sistema para sa inisyal na pagsisiyasat at pagremedyo. Noong panahong ito, hindi naapektuhan at patuloy na pinatakbo nang normal ang karamihan ng pangunahing serbisyo ng Lungsod. Naipanumbalik na ang lahat ng apektadong sistema sa loob ng mga sumunod na linggo.

Bakit natagalan bago naabisuhan ang mga apektadong indibidwal?

Ang pagsisiyasat sa insidente sa seguridad ng network ay nagpapatuloy mula pa noong Nobyembre 2023 at kasama rito ang isang malawakang pagsisiyasat sa forensics at mano-manong pagsusuri ng dokumento, na umabot nang humigit-kumulang 15 buwan bago matapos. Alam ng sinumang nakaranas na ng sopistikadong insidenteng cyber na isa itong prosesong malakas kumain ng oras. Lubos naming sineseryoso ang seguridad ng impormasyon at kailangan naming siguruhing may kumpiyansa kami sa mga resulta ng pagsisiyasat bago gumawa ng anumang abiso. Alinsunod sa direksiyon mula sa panlabas na tagapayong legal at mga eksperto sa privacy ng datos nito, at ayon sa pinakamahuhusay na kasanayan sa cybersecurity, tinapos na ng Lungsod ang pagsisiyasat at natukoy nito ang mga pangalan ng mga taong posibleng nakompromiso kabilang na rito ang uri ng datos na maaaring naakses at/o nakuha.

Paano ko malalaman kung nakompromiso ang aking impormasyon?

Ang mga taong naapektuhan ay makatanggap ng liham mula sa Lungsod ng Long Beach sa pamamagitan ng koreo ng U.S. Kung naniniwala ang mga tao na maaaring apektado sila at hindi sila nakatanggap ng liham ng pag-abiso, o kung mayroon silang anumang karagdang tanong hinggil sa insidente, dapat silang tumawag sa ating nakatalagang libre o toll-free na panrespondeng linya sa 888.802.9667.

Bakit ako nakatanggap ng abiso mula sa Lungsod?

Nakatanggap kayo ng abiso dahil natukoy sa imbestigasyon na maaaring naakses at/o nakuha ang inyong personal na impormasyon. Pangunahing priyoridad ng Lungsod ang pagprotekta sa privacy at seguridad ng inyong impormasyon. Iginagalang at pinahahalagahan ng Lungsod ang inyong privacy, kaya inaabisuhan kayo nito tungkol sa insidente upang tiyaking mayroon kayong kaalaman, impormasyon, at mapagkukunan ng tulong upang maingatan ang inyong impormasyon, kung pipiliin ninyo itong gawin.

Nakatanggap ako ng abiso mula sa Lungsod tungkol sa insidenteng panseguridad. Ibig bang sabihin nito ay may taong gumamit o gagamit ng aking impormasyon sa maling paraan?

Walang kaalaman ang Lungsod tungkol sa anumang ulat ng panlolokong nangyari mula sa insidenteng ito. Binigyan kayo ng Lungsod ng liham ng pag-abiso upang siguruhing mayroon kayong kaalaman tungkol sa insidente at mabigyan kayo ng patnubay tungkol sa magagawa ninyo upang lalong maprotektahan ang inyong sarili.

Nakatanggap ako ng abiso mula sa Lungsod, pero mali ang ilang impormasyong nakalista. Anong gagawin ko?

Alam ng Lungsod na ang ilang sulat ay naglalaman ng typo o mali. Kung nakatanggap ka ng sulat na may maling impormasyon, dapat mong kontakin ang aming nakalaang call center na available sa 888.802.9667 mula 6 a.m. hanggang 6 p.m. mula Lunes hanggang Biyernes. Susuriin ang iyong impormasyon at ibibigay sa iyo ang naitamang sulat ng abiso, kung kinakailangan.

Nagbibigay ba ang Lungsod ng mga serbisyo ng pagsubaybay ng kredito?

Nag-aalok ang Lungsod ng pagsubaybay ng kredito sa mga indibidwal na may mga numero ng Social Security (Paseguruhang Panlipunan) na posibleng naapektuhan.

Ano ang magagawa ko upang maprotektahan ang aking sarili?

Hinihikayat ng Lungsod ang mga tao na gawin ang mga sumusunod na hakbang sa pag-iingat:

- Maingat na pag-aralan ang mga hakbang na magagawa ninyo upang protektahan ang inyong sarili, na nakalagay sa liham na natanggap ninyo. Naglalaman ang abiso ng impormasyon tungkol sa insidente, ng aming tugon, at ng impormasyon at mapagkukunan ng tulong upang maprotektahan ang inyong impormasyon.
- Magpatala sa mga serbisyo ng pagsubaybay ng kredito na iniaalok sa inyo nang walang bayad, kung angkop.
- Dapat kayong manatiling alisto laban sa mga insidente ng pagnanakaw at pamemeke ng identidad sa pamamagitan ng pagsusuri sa inyong mga financial account statement at pagsubaybay sa inyong mga libreng ulat ng kredito upang matukoy kung may mga pagkakamali o kahina-hinalang aktibidad dito.
- Maaari ninyong pag-isipang maglagay ng alerto sa panloloko at/o pag-freeze sa inyong linya ng kredito bilang seguridad.
- Maaari kayong mag-order ng libreng ulat ng kredito.

Saan ako maghahain ng ulat sa pulisya?

Kung may dahilan upang paniwalaang nagamit ang inyong personal na impormasyon upang makapanloko o gumawa ng iba pang krimen laban sa inyo, maaari kayong maghain ng ulat sa pulisya sa lungsod kung saan kayo kasalukuyang naninirahan. Siguruhing kukuha kayo ng kopya ng ulat sa pulisya, dahil maraming kreditor ang gugustuhing malaman ang impormasyong nilalaman nito upang maalis sa inyong pananagutan ang mga utang mula sa panloloko.

- Maaaring makakuha ng ulat sa pulisya ang mga residente ng Long Beach sa pamamagitan ng pagtawag sa linyang hindi pang-emergency ng Long Beach Police Department (Kagawaran ng Pulisya ng Long Beach) sa 562.435.6711.
- Maaari ding maghain ang mga tao ng reklamo sa Federal Trade Commission (FTC, Pederal na Komisyon sa Pangangalakal) online, sa pamamagitan ng telepono sa 1.877.IDTHEFT (1.877.438.4338), o sa pamamagitan ng koreo sa Federal Trade Commission, Consumer Response Center, 600 Pennsylvania Avenue, NW, Washington, DC 20580.

Magkano ang nagagastos ng mga nagbabayad ng buwis sa Long Beach para dito?

Ang karamihan ng gastos na naipon bilang resulta ng insidenteng ito ay sinaklaw ng pang-operasyong badyet ng General Services Fund (Pondo para sa mga Pangkalahatang Serbisyo) (panloob na pondong panserbisyo) sa Department of Technology and Innovation (Kagawaran ng Teknolohiya at Inobasyon).

Ano ang ginagawa ninyo upang tiyaking hindi na ito mangyayari ulit?

Lubos naming sineseryoso ang privacy at seguridad ng impormasyong ipinagkakatiwala sa amin. Bagaman mayroon kaming ginagawang pag-iingat upang maprotektahan ang datos na nasa aming pangangalaga, nagsisikap kaming pag-aralan at mapabuti pa ang mga proteksiyong ito. Isinasagawa namin ang mga kinakailangang hakbang upang maiwasang mangyari ulit ang ganitong insidente sa hinaharap, sa pinakamabisang paraan.

Paano nagkaroon ng akses ang di-awtorisadong user (taong may hatid na banta) sa network ng Lungsod? Bakit hindi nagsagawa ng pag-iingat ang Lungsod upang maiwasan ang ganitong pangyayari?

Hindi kami puwedeng magsiwalat ng mga partikular na detalye dahil sa mga pagsasaalang-alang sa seguridad, dahil ang pagbabahagi ng nasabing impormasyon ay puwedeng maglantad sa mga kahinaang maaaring masamantala pa ulit. Ang Lungsod ay namumuhunan at patuloy na mamumuhunan sa mga hakbang sa cybersecurity. Bukod pa rito, nais naming tiyakin sa publiko na nagsagawa na ang Lungsod ng agarang aksiyon upang mapangasiwaan ang insidente, lalo pang mapatibay ang ating mga pandepensa, at nakipagtulungan sa mga eksperto sa cybersecurity upang maiwasan ang ganitong mga pangyayari sa hinaharap. Nananatili bilang pinakamataas naming prioridad ang pagprotekta sa aming mga sistema at impormasyong ipinagkakatiwala sa amin.

Saan ako makakukuha ng iba pang kaalaman tungkol sa insidente sa seguridad ng network?

Makikita ang iba pang impormasyon tungkol sa insidente sa seguridad ng network sa longbeach.gov/networksecurityincident. Makikita ang iba pang impormasyon tungkol sa update sa pagsisiyasat sa homepage ng website ng Lungsod sa longbeach.gov.

Kailan ulit magkakaroon ng bagong update?

Dahil natapos na ang pagsisiyasat sa insidente sa seguridad ng network, ito na ang panghuling inaasahang update tungkol sa usaping ito.

Mayroon akong iba pang mga tanong, ano ang dapat kong gawin?

Ang mga taong may mga karagdagang tanong ay dapat tumawag sa nakatalagang call center sa 888.802.9667. Ang call center ay binubuo ng mga propesyonal na kawaning pamilyar sa insidenteng ito upang magbigay ng impormasyon at mapagkukunan ng tulong. Matatawagan ang call center mula Lunes hanggang Biyernes, 6 a.m. hanggang 6 p.m. Pacific Time, maliban sa mga pista-opisyal.

Hindi ako nagsasalita ng wikang Ingles. May magagamit bang mga serbisyo ng interpretasyon ng wika?

Ang mga taong nangangailangan ng interpretasyon ng wika ay dapat tumawag sa numero ng call center sa 888.802.9667, at ikokonekta sila sa mga serbisyo ng interpretasyon.